
# TUBERCULOSIS


## ANO ANG TUBERCULOSIS (TB)?

Ito ay sakit na dulot ng mikrobyong *Mycobacterium tuberculosis*. Ang baga ang karaniwang naaapektuhan ng TB ngunit maaari rin itong kumalat sa ibang parte ng katawan.



## NAKAHAHAWA BA ANG TB?

Oo, ito ay lubhang nakahahawa kapag nalanghap ang mikrobyo sa hangin mula sa pag ubo, pagsasalita at pagbahing ng taong may TB.
Karaniwang nahahawa ang mga kasama sa bahay




Pasyente — Taong nakapaligid sa pasyente


## ANU-ANO ANG MGA SINTOMAS NG TB?



lagnat ng $\geq$ 2 linggo



ubo ng $\geq$ 2 linggo



pamamayat



pagpapawis sa gabi



panghihina ng katawan, pananamlay at kawalan ng gana sa pagkain

## PAANO MALALAMAN KUNG ANG ISANG TAO AY MAY TB?

- Magpakonsulta sa doctor o health center kapag mayroong sintomas ng TB o nalantad sa taong may TB
- Maaring gawin ang mga sumusunod: pagsusuri ng plema, dugo, X-ray, skin test, atbp.

## NAGAGAMOT BA ANG TB?

Oo, nagagamot ito.
Karaniwang anim na buwan o higit pa ang gamutan depende sa kung anong parte ng katawan ang apektado ng TB.
Libre ang gamot sa TB DOTS Clinic

## PAANO MAIIWASAN ANG TB AT ANG PAGKALAT NITO?

- Pag-inom ng gamot ayon sa tagubilin ng doktor at regular na pagbalik sa TB DOTS clinic o health center ayon sa iskedyul
- Pagsuot ng face mask o pagtakip ng bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing
- Pagsusuri sa mga kasama sa bahay ("*contact tracing*")
- Pagbabakuna ng *BCG* sa mga bagong silang na sanggol
- Maayos na bentilasyon o daloy ng hangin sa bahay

## HUWAG MATAKOT...MAGPAKONSULTA..

## MAY LUNAS ANG TB!

National TB Control Program-MOP, 6th ed. 2022
Centers for Disease Control and Prevention(CDC)